# ABSTRAK NG PAG-AARAL

Ang karanasang prostitusyon ng mga bata ay isang paksa na kamakailan lamang dumapo sa kamalayan ng mamamayang Pilipino. Ang katotohanan nito sa lipunan ay kasalukuyan pa ring pinagtitibayan at hindi na mapagkakaila na laganap ito sa bansa. Ang mananaliksik ay naglayong gumawa ng isang masusing pag-aaral batay sa kanyang pagnanasang matalakay ang isang mainit na isyu at magkaroon ng karagdagang kaalaman ukol sa mga katotohanang nangyayari sa panahon ngayon. Ang isa pa, pulos mga kabuuang deskripsiyon lamang ang tinatalakay ng mga pag-aaral na nagawa na ukol dito. Sa karagdagan, ang mananaliksik ay interesado sa sikolohiya ng mga bata.

Pinili ng mananaliksik ang bayan ng Pagsanjan sa Laguna upang pagdausan ng pag-aaral sapagkat karamihan sa mga ginawang pag-aaral sa prostitusyon ay sa lunsod, kaunti lamang ang sa lalawigan. Dahilan din ang hindi pagkakaroon ng malaking panganib dito na kinakailangang harapin kung sa Maynila.

Limang batang kalahok na may gulang mula sampu hanggang labinlimang taon ang pagtutuonan ng pansin. Ang mga ito ay pawang nasa prostitusyon, ang tawag sa kanila ng mga taga-Pagsanjan ay <u>pompom</u>. Sila ay tinanong ukol sa mga bagay/tema na sumusunod: Ambisyon, Pakikitungo sa pamilya, sa kaibigan at sa kliyenteng dayuhan, Saloobin, Paraan ng Pamumuhay, Interes sa Kabilang Kasarian o Kababaihan at mga Mekanismo Upang Makayanan ang Hinihingi sa Prostitusyon. Nilayon din ng mananaliksik na magbigay ng kabuuang deskripsiyon ng pook, ng mga mamamayan dito at ng ekonomiya, upang mailagay ang mga bagay na ito sa kaukulang konteksto.

Ginamit ng mananaliksik ang makapilipinong pamamaraan ng pananaliksik at hinangad na maabot ang antas ng pakikipagpalagayang-loob sa pakikipag-usap sa batang kalahok. Ang pamamaraang penomenolohiya ay ginamit naman bilang paraan ng pagtingin sa mga tugon ng kalahok sapagkat ninais na makita ang penomenong prostitusyon mula sa kalooban at perspektibo ng mismong bata lamang.

Sa kinasapitan napag-alaman na walang tiyak na patutunguhan ang bata sa buhay sa paniniwala niyang hindi tiyak ang hinaharap, hindi mataas ang kanyang ambisyon kung mayroon man at wala siyang paniniwala (conviction) na maaaring isakatuparan ito. Nakita rin ang pagkakaroon ng bata ng <u>resigned attitude</u>. Sa pakikitungo, siya

ay malapit sa miyembro ng pamilya na nagmamahal at nagmamalasakit sa kanya ngunit mas nakapagsasabi siya ng suliranin sa isang kaibigan na madalas ay pompom din. Kung hindi man, ito ay sinasarili na lamang niya. Siya ay walang makahulugang relasyon sa mga kliyenteng dayuhan liban sa pagbibigay niya ng serbisyo dito at habol lamang niya ang salaping iginaganti nito. Gusto lamang niya ang dayuhan dahil sa mga mahahalagang bagay at salapi na naibibigay nito sa kanya. Ukol sa saloobin, bilang anak siya ay nasisiyahan na nakakatulong sa pamilya samantala, bilang miyembro ng mas malaking lipunan isinasawalang bahala niya ang mga panlalait at sinasabi ng ibang tao. Kapag hindi siya nakakapagtimpi nailalabas niya ang kanyang pagkapoot.

Ang paraan ng pamumuhay ng isang bata na nasa prostitusyon sa lalawigan ng Pagsanjan ay nahahati sa kanyang pag-aaral (kung siya man ay nag-aaral) at sa pagkuha ng kliyente o pakikisama sa barkada. Mahilig siya umistambay at siya ay natututo sa mga bisyo tulad ng paninigarilyo, pag-inom, pagmamarijuana at paggamit ng mga bawal na gamot o rugby. Ang mga batang kalahok ay napag-alaman na mayroong interes sa kabilang kasarian o kababaihan lalo na yaong mga kalahok na nakakatanda. Ang kanilang interes dito ay may iba't ibang antas. Ukol naman sa mekanismo, apat ang nabatid ng mananaliksik sa pag-aaral: ang mas matalik na pakikipagkaibigan sa mga batang pompom din, ang pagsasawalang bahala sa sinasabi ng ibang tao sa lipunan, ang pagbibigay katwiran sa pagkakasangkot nila sa prostitusyon at ang paggamit ng bawal na gamot.

Batay sa mga natuklasang ito masasabi na ang batang Pagsanjan na nasa prostitusyon ay nangangailangan ng paggabay, tugon sa kanyang mga materyal na pangangailangan at pag-aaruga. Sila ay dapat pahalagahan sapagkat hawak nila ang susi sa magandang kinabukasan.